## Balikan



**Panuto:** **Piliin** ang titik ng angkop na pamagat sa talata o kuwento.

**Gabay sa Magulang:** Basahin ang mga sumusunod na talata o kuwento sa mag-aaral ng tatlong beses.

1. Ang pagmamano ay isang kaugaliang minana pa natin sa mga ninuno. Ang bawat bata ay nagmamano sa mga nakakatanda bilang tanda ng paggalang. Sa pag-alis at pag-uwi ginagawa ito ng bawat tao.

   a. paggalang c. pagmamano

   b. kabataan d. bawat tao

2. Ang Covid-19 ay isang pandemyang nagpahirap sa mga tao. Maraming tao ang nawalan ng trabaho dahil sa pagsara ng mga negosyo. Marami rin ang namatay dahil sa sakit na ito.

   a. marami ang namatay c.covid-19

   b. trabaho d. negosyo

3. Ang Kiamba ay isang lugar na tahimik at maganda. Maraming tao ang nahuhumaling sa kagandahan nito. Dito lang makikita ang isang dragon na ang ibinubuga ay tubig. Mayaman din ang lugar na ito sa yamang-dagat at yamang-lupa.

   a. mayaman c. nahuhumaling

   b. Kiamba d. Maitum

LIVEWORKSHEETS